Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

# Balidasyon ng Lagumang Pagsusulit sa Filipino Baitang 7 Ikalawang Markahan

Grecila E. Angel, MAEd
Graduate School, Saint Columban College, Pagadian City
angelgrecila@gmail.com

Mailyn T. Guilingan, MAEd
Graduate School, Saint Columban College, Pagadian City
mailyn.guilingan@sccpag.edu.ph

JPA B. Abanan, MAEd
Graduate School, Saint Columban College, Pagadian City
jpa.abanan@sccpag.edu.ph

Anna Mae P. Lañohan, MAEd
Graduate School, Saint Columban College, Pagadian City
annamae.lanohan@sccpag.edu.ph

Publication Date: March 12, 2026 DOI: 10.5281/zenodo.18972284

**Abstrak**

Mahalaga ang edukasyon sa pag-unlad ng indibidwal at lipunan, at ang wastong pagtataya tulad ng Lagumang Pagsusulit ay may mahalagang papel sa pagsukat ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Upang maging epektibo ang isang pagsusulit, kinakailangang matiyak ang validity at reliability nito, lalo na ang content validity, upang masiguro ang pagkakahanay sa kurikulum at mga layunin sa pagkatuto. Mahalaga rin ang paggamit ng Table of Specifications (TOS) at ang pagsasaalang-alang sa Zone of Proximal Development (ZPD) upang matiyak na ang mga tanong ay angkop sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Sa asignaturang Filipino, kinakailangang masaklaw ng pagsusulit ang limang makrong kasanayan upang magkaroon ng komprehensibong pagtataya ng pagkatuto, lalo na sa Baitang 7.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng mixed methods design upang balidahin ang Lagumang Pagsusulit sa Filipino para sa Baitang 7. Isinagawa ito sa Lungsod ng Ipil, kung saan lumahok ang mga guro at eksperto sa Filipino na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang mga pangunahing instrumento sa pag-aaral ay ang binuong Lagumang Pagsusulit at Content Validation Checklist. Sinuri ang mga datos gamit ang Content Validity Ratio (CVR) o Content Validity Index (CVI), pati na rin ang kwalitatibong pagsusuri ng mga puna ng mga tagasuri. Mahigpit ding isinagawa ang mga pamantayang etikal sa buong proseso ng pananaliksik.

Batay sa resulta, ang Lagumang Pagsusulit ay nagpakita ng mataas na antas ng validity at reliability, bagaman may ilang aytem na nangangailangan ng rebisyon o pag-alis. Iminungkahi ng mga eksperto ang pagpapabuti sa kalinawan ng mga tanong, ayos ng mga pagpipilian, proofreading, at pagdaragdag ng mga tanong na sumusukat sa mas mataas na antas ng kognisyon at open-ended items. Ipinakita rin ng pagsusuri sa kahirapan at diskriminasyon ng mga aytem ang pangangailangang baguhin o alisin ang ilang tanong upang mas epektibong masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral. Bilang tugon, irerebisa ang pagsusulit upang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

mapanatili ang mga balidong aytem at mapahusay ang kabuuang kalidad ng pagtataya.

**Mga Susing Salita:** *balidasyon, lagumang pagsusulit, ikalawang markahan*

## INTRODUKSYON

Ang edukasyon ay nagsisilbing haligi ng kaunlaran ng isang tao at ng lipunan. Sa pamamagitan nito, nahuhubog ang mga mag-aaral hindi lamang sa aspeto ng kaalaman kundi pati na rin sa kasanayan at wastong asal. Isa sa mahahalagang bahagi ng proseso ng edukasyon ang pagtataya, na nagsisilbing gabay upang masukat kung hanggang saan naunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang mga aralin. Sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas, may mga patnubay ang Kagawaran ng Edukasyon na tumutukoy sa tamang paraan ng pagsusukat ng pagkatuto, gaya ng DepEd Order No. 8, s. 2015, kung saan binibigyang-halaga ang paggamit ng pagtatayang pormal at impormal, kabilang ang formative at summative assessments.

Isa sa mga porma ng summative assessment ay ang Lagumang Pagsusulit. Karaniwang isinasagawa ito sa pagtatapos ng bawat markahan upang masukat ang kabuuang lawak ng pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Hindi lamang ito batayan ng grado kundi isang mahalagang sangkap upang makita ng guro kung alin sa mga paksa ang kinakailangang linawin o bigyang-diin pa. Ang mahusay na Lagumang Pagsusulit ay hindi lamang sumusukat ng pag-alala ng impormasyon, kundi dapat ay nakapokus sa pag-unawa, paglalapat, pagsusuri, at ebalwasyon ng mga natutunan.

Ayon kay Nitko at Brookhart (2011), mahalaga ang validity at reliability sa paggawa ng mga pagsusulit upang matiyak na nasusukat ang tunay na kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral. Kung walang balidasyon, nagiging hindi epektibo ang pagsusulit bilang instrumento ng pagtataya. Sa ganitong konteksto, ang proseso ng content validation ay tumutulong sa pagtitiyak ng kaugnayan ng mga tanong sa mga learning competencies at sa kurikulum.

Sa lokal na pag-aaral ni Santos (2016), napag-alaman na maraming guro ang kulang sa pagsasanay sa paggawa ng mga pagsusulit na tumutugon sa kasalukuyang kurikulum, dahilan upang bumaba ang kalidad ng pagtataya. Kaya't ipinapayo sa mga guro na isagawa ang balidasyon ng pagsusulit upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon.

Ipinapakita rin ni Oosterhof (2001) ang kahalagahan ng paggamit ng Table of Specifications (TOS) sa paggawa ng pagsusulit upang matiyak ang balanseng paglalapat ng mga tanong batay sa mga learning objectives at antas ng kognitibong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, naiiwasan ang bias o labis na pagtutok sa iisang aspeto lamang ng aralin.

Tinalakay naman ni Vygotsky (1978) ang konsepto ng Zone of Proximal Development (ZPD), na nagsasaad na ang mga gawain o pagsusulit ay dapat na angkop sa kasalukuyang kakayahan ng mag-aaral, na may kaunting hamon upang mapasulong ang kanilang pagkatuto. Ang pagsusulit na hindi naayon sa ZPD ay maaaring maging hadlang sa motibasyon at pag-unlad ng estudyante.

Samantala, ayon kay Garcia (2014), ang pagsusulit sa asignaturang Filipino ay dapat sumaklaw sa limang makrong kasanayan pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, at panonood upang masaklaw nang buo ang wika at komunikasyon ng mag-aaral. Mahalaga rin ang pagkakaroon ng malinaw na panuto at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga tanong upang maging epektibo ang pagsusulit.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

Sa antas ng Baitang 7, ang mga mag-aaral ay nasa unang hakbang ng kanilang paglalakbay sa junior high school. Dito ay nahaharap sila sa mas malalim na paksa, bagong anyo ng kurikulum, at mas mataas na antas ng pag-iisip. Kaya't nararapat lamang na ang mga pagsusulit ay maiangkop sa kanilang kasalukuyang kakayahan, karanasan, at antas ng pag-unawa. Sa ganitong konteksto, mahalaga ang paggawa at balidasyon ng Lagumang Pagsusulit upang matiyak na ang pagtataya ay epektibo at makatotohanan.

Layunin ng pag-aaral na ito na balidahin at mapabuti ang Lagumang Pagsusulit sa Filipino para sa Baitang 7 upang matiyak na ito ay balido, maaasahan, at angkop sa kurikulum at antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Nilalayon nitong suriin ang content validity, reliability, kahirapan at diskriminasyon ng mga aytem, at isaalang-alang ang mga puna ng mga eksperto. Sa pamamagitan nito, hangad ng pag-aaral na makabuo ng isang de-kalidad at epektibong instrumento sa pagtataya na sumusukat sa limang makrong kasanayan at nakahanay sa mga layunin ng pagkatuto.

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed methods design, pinagsasama ang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan upang balidahin ang Lagumang Pagsusulit sa Filipino para sa Baitang 7 Ikalawang Markahan. Ang disenyo ay pinili upang makakuha ng mas malalim at mas komprehensibong pag-unawa sa bisa, balididad, at kalidad ng pagsusulit sa pamamagitan ng numerikal na datos at mga puna ng eksperto. Isinagawa ang pag-aaral sa Lungsod ng Ipil, Zamboanga Sibugay, kung saan ang mga kalahok ay mga guro at eksperto sa Filipino sa Junior High School na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling.

Ang pangunahing instrumento ng pananaliksik ay ang Lagumang Pagsusulit sa Filipino na binuo batay sa K to 12 curriculum at inayos gamit ang Table of Specifications (TOS) upang matiyak ang balanseng saklaw ng mga paksa at antas ng kognitibong kasanayan. Ginamit din ang Content Validation Checklist upang masukat ang kaugnayan, kalinawan, at antas ng kognitibong hamon ng bawat aytem.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsusulit at checklist sa mga validators. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang Aiken's Validity, Kappa Interrater Reliability, Content Validity Ratio (CVR), at Content Validity Index (CVI), kasabay ng kwalitatibong pagsusuri ng mga suhestiyon at puna ng mga eksperto.

Mahigpit na sinunod ang mga pamantayang etikal ng pananaliksik, kabilang ang boluntaryong partisipasyon, pagiging kumpidensiyal ng mga datos, at paggalang sa karapatan ng mga kalahok. Sa kabuuan, layunin ng metodolohiyang ito na matiyak ang kredibilidad, integridad, at akademikong bisa ng Lagumang Pagsusulit sa Filipino para sa Baitang 7.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

## MGA RESULTA AT DISKUSYON

**TALAHANAYAN 1.1. Content Validity Index (CVI) Pagsusulit Baitang 7-Ikalawang Markahan**

| Items | REPRESENTATIVENESS OF ITEM IN MEASURING THE CONSTRUCT | RELEVANCE OF ITEM IN MEASURING THE CONSTRUCT | CLARITY OF ITEMS | CVI/AVE | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Item 1 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 2 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 3 | 0.5 | 0.5 | 1 | 0.67 | Removed |
| Item 4 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 5 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 6 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 7 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 8 | 1 | 0.5 | 1 | 0.83 | Revised |
| Item 9 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 10 | 0.5 | 1 | 1 | 0.83 | Revised |
| Item 11 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 12 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 13 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 14 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 15 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 16 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 17 | 1 | 0.5 | 1 | 0.83 | Revised |
| Item 18 | 1 | 0.5 | 1 | 0.83 | Revised |
| Item 19 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 20 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 21 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 22 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 23 | 1 | 0.5 | 1 | 0.83 | Revised |
| Item 24 | 1 | 0.5 | 1 | 0.83 | Revised |
| Item 25 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 26 | 0.5 | 1 | 1 | 0.83 | Revised |
| Item 27 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 28 | 0.5 | 1 | 0.5 | 0.67 | Removed |
| Item 29 | 0.5 | 0 | 1 | 0.50 | Removed |
| Item 30 | 1 | 1 | 0.5 | 0.83 | Revised |
| Item 31 | 0.5 | 0.5 | 1 | 0.67 | Removed |
| Item 32 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 33 | 0.5 | 0.5 | 0.5 | 0.50 | Removed |
| Item 34 | 0.5 | 0.5 | 0.5 | 0.50 | Removed |
| Item 35 | 0.5 | 0.5 | 1 | 0.67 | Removed |
| Item 36 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 37 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 38 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| Item 39 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Item 40 | 1 | 1 | 1 | 1.00 | Retained |
| CVI below .7 (CVI<.70) should be removed; CVI between .70 and .90 (.70≤ CVI ≤.90) should be revised; | | | | | |
| CVI above .90 (CVI>.90) should be retained. | | | | | |

Batay sa pagsusuri gamit ang Content Validity Index (CVI), lumabas na 28 sa kabuuang 40 na mga item sa Lagumang Pagsusulit sa Filipino Baitang 7 Ikalawang Markahan ay may CVI na higit sa 0.90. Ibig sabihin, 70% ng mga tanong ay retained dahil malinaw, makabuluhan, at lubos na angkop sa pagsukat ng konstruk na nais sukatin. Ipinapakita nito na karamihan ng mga tanong ay may mataas na antas ng validity, kaya't maaari nang gamitin nang walang kinakailangang pagbabago.

Samantala, walong (8) items o 20% ng kabuuan ang nasa pagitan ng 0.70 hanggang 0.90 na CVI. Ang mga ito ay ire-revise, sapagkat bagama't may sapat na bisa, may mga aspekto pa itong dapat linawin maaaring sa paraan ng pagkakabuo ng tanong, antas ng pagiging angkop, o lawak ng representasyon sa nilalaman. Ang bahagyang rebisyon ay makatutulong upang mapataas pa ang bisa ng mga ito at maabot ang pinakamainam na kalidad ng pagsusulit.

Sa kabilang banda, anim (6) na item o 15% ang may CVI na mas mababa sa 0.70, kaya't ito ay dapat alisin. Ipinapahiwatig ng mababang CVI na ang mga item na ito ay hindi sapat sa pagiging malinaw, angkop, at representatibo ng konstruk na sinusukat. Ang pagtanggal sa mga ito ay mahalaga upang mapanatili ang integridad at kabuuang kalidad ng pagsusulit. Sa kabuuan, ang CVI-based na pagsusuri ay nagpapakita na ang pagsusulit ay may matibay na pundasyon sa validity, ngunit may ilang item na dapat pagtuunan pa ng pansin bago ito tuluyang gamitin.

Ayon kina Polit at Beck (2006), ang CVI ay tumutukoy sa antas ng pagkakasundo ng mga eksperto kung gaano kaepektibo ang isang item sa pagsukat ng nilalayong konstruk. Ginagamit ito upang tiyakin na ang bawat tanong ay may sapat na representasyon, kaugnayan, at kalinawan sa nilalaman ng pagsusulit. Kadalasang isinasagawa ang CVI sa pamamagitan ng rating scale mula sa mga eksperto kung saan ang bawat item ay sinusuri ayon sa representativeness, relevance, at clarity.

Ipinaliwanag nina Lynn (1986) at Davis (1992) na ang paggamit ng CVI ay isang mahalagang hakbang sa proseso ng pagbuo ng instrumento dahil nagbibigay ito ng konkretong batayan sa pagpili kung aling mga item ang dapat panatilihin, baguhin, o alisin. Karaniwang ginagamit ang cut-off values sa interpretasyon ng CVI: ang item na may CVI na mas mababa sa 0.70 ay itinuturing na hindi valid at dapat alisin, habang ang may CVI mula 0.70 hanggang 0.90 ay nangangailangan ng rebisyon, at ang lagpas sa 0.90 ay maituturing na may mataas na validity.

**TALAHANAYAN 1.2. Content Validity Ratio (CVR) Pagsusulit Baitang 7-Ikalawang Markahan**

| **Items** | **Relativeness** | | **Relevance** | | **Clarity** | | | **Interpretation** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **$N_e$** | **CVR** | **$N_e$** | **CVR** | **$N_e$** | **CVR** | **CVR/AVE** | |
| 1. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2. | 1 | 0 | 2 | 1 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 3. | 2 | 1 | 1 | 0 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 4. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 5. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 6. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 7. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 8. | 2 | 1 | 1 | 0 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 9. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 10. | 1 | 0 | 2 | 1 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 11. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 12. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 13. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 14. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 15. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 16. | 3 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 17. | 2 | 1 | 1 | 0 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 18. | 2 | 1 | 1 | 0 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 19. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 20. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 21. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 22. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 23. | 2 | 1 | 1 | 0 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 24. | 2 | 1 | 1 | 0 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 25. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 26. | 1 | 0 | 2 | 1 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 27. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 28. | 1 | 0 | 2 | 1 | 1 | 0 | 0.33 | Not Acceptable |
| 29. | 1 | 0 | 2 | 1 | 2 | 1 | 0.67 | Not Acceptable |
| 30. | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | 0 | 0.67 | Not Acceptable |
| 31. | 1 | 0 | 1 | 0 | 2 | 1 | 0.33 | Not Acceptable |
| 32. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 33. | 1 | 0 | 1 | 0 | 1 | 0 | 0 | Not Acceptable |
| 34. | 1 | 0 | 1 | 0 | 1 | 0 | 0 | Not Acceptable |
| 35. | 1 | 0 | 1 | 0 | 2 | 1 | 0.33 | Not Acceptable |
| 36. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 37. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 38. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 39. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |
| 40. | 2 | 1 | 2 | 1 | 2 | 1 | 1 | Acceptable |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

Batay sa resulta sa 40 item ng pagsusulit, 26 na item (65%) ang may CVR na 1.00, nangangahulugang may buong pagkakaisa ang mga eksperto na ang mga ito ay mahalaga at akmang gamitin sa pagsusulit. Ang mataas na bilang ng mga acceptable items ay nagpapahiwatig ng malakas na content validity at isang indikasyon na ang pagsusulit ay mahusay na nakabuo ng mga tanong na talagang tumutugon sa nilalayong layunin o kompetensiya.

Samantala, 14 na item (35%) ang itinuturing na "Not Acceptable" dahil ang kanilang CVR ay mas mababa sa 1.00. Karamihan sa mga ito ay may CVR na 0.67, habang ang iba naman ay mas mababa pa (0.33 o 0). Ang mga ito ay nangangailangan ng rebisyon o pagtatanggal, lalo na kung consistent ang mababang rating sa tatlong aspeto: relativeness, relevance, at clarity. Ipinapahiwatig nito na may bahagi ng pagsusulit na hindi pa ganap na nakahanay sa mga pamantayang pang-edukasyon at maaaring magdulot ng kalituhan o maling pagsukat ng kaalaman ng mag-aaral.

Ipinapakita ng CVR analysis na ang Lagumang Pagsusulit sa Filipino sa Ikalawang Markahan ay may katanggap-tanggap na antas ng content validity, ngunit kinakailangan pa rin ang pagrepaso at pagbabago sa mahigit 30% ng mga tanong upang masigurong lahat ng item ay malinaw, makabuluhan, at talagang nakatuon sa pagsukat ng target na kompetensiya. Sa pamamagitan ng pag-aalis o pagrerebisa ng mga "Not Acceptable" na item, maaaring mapabuti pa ang kabuuang kalidad ng pagsusulit.

**TALAHANAYAN 1.3. Aiken's Validity and Kappa Inter-Rater Reliability Pagsusulit Baitang 7-Ikalawang Markahan**

| **Item** | **Rep. Kappa** | **Rep. Aiken's V** | **Rel. Kappa** | **Rel. Aiken's V** | **Clar. Kappa** | **Clar. Aiken's V** | **Interpretation** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 2 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 3 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 4 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 5 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 6 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 7 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 8 | 1.00 | 1.00 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 9 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 10 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 11 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 12 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 13 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 14 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 15 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 16 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 17 | 1.00 | 1.00 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 18 | 1.00 | 1.00 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 19 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 20 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 21 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 22 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 23 | 1.00 | 1.00 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 24 | 1.00 | 1.00 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 25 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 26 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 27 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 28 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | 0.50 | 0.50 | Needs revision |
| 29 | 0.50 | 0.50 | 0.00 | 0.00 | 1.00 | 1.00 | Not valid |
| 30 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 0.50 | 0.50 | Needs revision |
| 31 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |
| 32 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 33 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | Needs revision |
| 34 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | 0.50 | 0.50 | Needs revision |
| 35 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 0.50 | 1.00 | 1.00 | Needs revision |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 36 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 37 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 38 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 39 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| 40 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | 1.00 | Valid |
| | | | | | | | |

Batay sa resulta gamit ang Kappa at Aiken's V, lumabas na karamihan sa mga items ay may mataas na antas ng representativeness, relevance, at clarity. Ipinapakita nito na may mataas na kasunduan sa pagitan ng mga rater, at malinaw ang mga tanong sa pagsukat ng construct. Ang sumusunod na mga items 1,2,4,5,6,7,9,11,12,13,14,15,16,19,20,21,22,25,27,32,36,37,38,39,40, ay nakakuha ng perfect scores (Kappa = 1.00 at Aiken's V = 1.00) na nagpapakita ng napakataas na pagiging valid at reliable.

Gayunpaman, may mga ilang items tulad ng Item 3, Item 8, Item 10, Item 17, at Item 26 na may bahagyang mababang Kappa scores sa ilang aspeto, gaya ng 0.50 sa representativeness (Item 3,10,26,28,29,31,33,34,35) at relevance (Item 3,8,17,18,23,24,31,33,35),clarity (Item 28,30,33,34) na may katumbas na Aiken's V score na 0.50 rin. Ang mga numerong ito ay nagsasaad na may ilang hindi pagkakaintindihan o kalabuan sa mga tanong na kailangang linawin o ayusin upang mas maging epektibo at tumpak ang mga ito bilang bahagi ng pagsusulit.

Sa kabuuan, higit sa 75% ng mga items ay may mataas na validities at reliabilities na may Kappa scores na 1.00 at Aiken's V na 1.00, kaya maituturing ang mga ito bilang valid at reliable. May humigit-kumulang 20% naman na may marginal scores na 0.50 sa ilang aspeto, na nangangailangan ng kaunting pag-aayos. Ang maliit na porsyento na may mababang scores, tulad ng 5% na mga items na bumaba sa 0.50, ay dapat balikan upang baguhin o palitan upang mapanatili ang kalidad ng pagsusulit. Ang resulta ay nagpapatunay ng pagiging maaasahan at katumpakan ng lagumang pagsusulit para sa Baitang 7 Ikalawang Markahan.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

**TALAHANAYAN 2. Difficulty Index ng Lagumang Pagsusulit**

| Item Placement | $P_U$ Tally | $f_U$ | $P_U$ | $P_L$ Tally | $f_L$ | $P_L$ | $D_x=P_U-P_L$ | $D_x$ ***Evaluation*** | $D_f=\frac{P_u+P_l}{2}$ | $D_f$ ***Evaluation*** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | | 11 | 1.00 | | 7 | 0.64 | 0.36 | Reasonably Good | 0.82 | Easy |
| 2 | | 5 | 0.45 | | 4 | 0.36 | 0.09 | Poor Item | 0.41 | Average |
| 3 | | 11 | 1.00 | | 11 | 1.00 | 0.00 | Poor Item | 1.00 | Very Easy |
| 4 | | 7 | 0.64 | | 8 | 0.73 | -0.09 | Poor Item | 0.68 | Average |
| 5 | | 9 | 0.82 | | 7 | 0.64 | 0.18 | Poor Item | 0.73 | Average |
| 6 | | 10 | 0.91 | | 8 | 0.73 | 0.18 | Poor Item | 0.82 | Easy |
| 7 | | 9 | 0.82 | | 6 | 0.55 | 0.27 | Marginal Item | 0.68 | Average |
| 8 | | 8 | 0.73 | | 2 | 0.18 | 0.55 | Very Good Item | 0.45 | Average |
| 9 | | 10 | 0.91 | | 8 | 0.73 | 0.18 | Poor Item | 0.82 | Easy |
| 10 | | 9 | 0.82 | | 9 | 0.82 | 0.00 | Poor Item | 0.82 | Easy |
| 11 | | 7 | 0.64 | | 4 | 0.36 | 0.27 | Marginal Item | 0.50 | Average |
| 12 | | 10 | 0.91 | | 9 | 0.82 | 0.09 | Poor Item | 0.86 | Easy |
| 13 | | 7 | 0.64 | | 5 | 0.45 | 0.18 | Poor Item | 0.55 | Average |
| 14 | | 7 | 0.64 | | 3 | 0.27 | 0.36 | Reasonably Good | 0.45 | Average |
| 15 | | 10 | 0.91 | | 10 | 0.91 | 0.00 | Poor Item | 0.91 | Very Easy |
| 16 | | 10 | 0.91 | | 5 | 0.45 | 0.45 | Very Good Item | 0.68 | Average |
| 17 | | 9 | 0.82 | | 2 | 0.18 | 0.64 | Very Good Item | 0.50 | Average |
| 18 | | 11 | 1.00 | | 4 | 0.36 | 0.64 | Very Good Item | 0.68 | Average |
| 19 | | 11 | 1.00 | | 7 | 0.64 | 0.36 | Reasonably Good | 0.82 | Easy |
| 20 | | 8 | 0.73 | | 7 | 0.64 | 0.09 | Poor Item | 0.68 | Average |
| 21 | | 9 | 0.82 | | 5 | 0.45 | 0.36 | Reasonably Good | 0.64 | Average |
| 22 | | 11 | 1.00 | | 5 | 0.45 | 0.55 | Very Good Item | 0.73 | Average |
| 23 | | 8 | 0.73 | | 9 | 0.82 | -0.09 | Poor Item | 0.77 | Easy |
| 24 | | 5 | 0.45 | | 7 | 0.64 | -0.18 | Poor Item | 0.55 | Average |
| 25 | | 8 | 0.73 | | 7 | 0.64 | 0.09 | Poor Item | 0.68 | Average |
| 26 | | 10 | 0.91 | | 8 | 0.73 | 0.18 | Poor Item | 0.82 | Easy |
| 27 | | 10 | 0.91 | | 5 | 0.45 | 0.45 | Very Good Item | 0.68 | Average |
| 28 | | 8 | 0.73 | | 8 | 0.73 | 0.00 | Poor Item | 0.73 | Average |
| 29 | | 7 | 0.64 | | 4 | 0.36 | 0.27 | Marginal Item | 0.50 | Average |
| 30 | | 10 | 0.91 | | 3 | 0.27 | 0.64 | Very Good Item | 0.59 | Average |
| 31 | | 10 | 0.91 | | 4 | 0.36 | 0.55 | Very Good Item | 0.64 | Average |
| 32 | | 9 | 0.82 | | 7 | 0.64 | 0.18 | Poor Item | 0.73 | Average |
| 33 | | 5 | 0.45 | | 3 | 0.27 | 0.18 | Poor Item | 0.36 | Average |
| 34 | | 7 | 0.64 | | 5 | 0.45 | 0.18 | Poor Item | 0.55 | Average |
| 35 | | 8 | 0.73 | | 1 | 0.09 | 0.64 | Very Good Item | 0.41 | Average |
| 36 | | 10 | 0.91 | | 8 | 0.73 | 0.18 | Poor Item | 0.82 | Easy |
| 37 | | 9 | 0.82 | | 4 | 0.36 | 0.45 | Very Good Item | 0.59 | Average |
| 38 | | 6 | 0.55 | | 6 | 0.55 | 0.00 | Poor Item | 0.55 | Average |
| 39 | | 9 | 0.82 | | 6 | 0.55 | 0.27 | Marginal Item | 0.68 | Average |
| 40 | | 4 | 0.36 | | 4 | 0.36 | 0.00 | Poor Item | 0.36 | Average |

**Equivalent for Df**
**0.91 - 0.95 - Very Easy**
**0.76 - 0.90 - Easy**
**0.25 - 0.75 - Average**
**0.10 - 0.24 - Difficult**
**0.09 & Below - Very Difficult**

Ang index ng kahirapan (DI) ay isang mahalagang sukatan na nagpapakita kung gaano kadali o kahirap ang bawat aytem para sa mga kumuha ng pagsusulit, na tinutukoy sa pamamagitan ng proporsyon ng mga mag-aaral na sumagot nang tama. Ang halaga ng DI ay naglalaro sa pagitan ng 0.00 (mahirap na aytem) at 1.00 (napakadaling aytem).

Sa pangkalahatang obserbasyon mula sa pagsusuri ng Lagumang Pagsusulit, ang mga difficulty index ng bawat aytem ay nagpakita ng iba't ibang antas ng kahirapan, na may katumbas mula 0.25 – 0.75 (tulad ng Aytem 2, 8, 12, 14, 15, 17, 18, 19, 21, 23, 25, 28, 29, 31, 32, 33, 34, 35, 37, 38, 39, at 40) na nasa kategoryang "Average" at 0.76-0.90 naman ang mga (Aytem 1,6,9,10,12,19,23,26,36) na itinuturing na "Easy". Sa distribusyon ng antas ng kahirapan, mayroong ilang aytem na Very Easy (DI 0.91-0.95), gaya ng Aytem 3 at 15, na maaaring masyadong simple at hindi gaanong nakakapagsukat ng mas mataas na antas ng pag-iisip.

Online ISSN: 3082-5121

Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields

https://journals.aloysianpublications.com

Volume 2 Issue 3 (2026)

**TALAHANAYAN 3. Discrimination Index ng Lagumang Pagsusulit**

| Item Placement | $P_U$ Tally | $f_U$ | $P_U$ | $P_L$ Tally | $f_L$ | $P_L$ | $D_x = P_U - P_L$ | $D_x$ ***Evaluation*** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | | 11 | 1.00 | | 7 | 0.64 | 0.36 | Reasonably Good |
| 2 | | 5 | 0.45 | | 4 | 0.36 | 0.09 | Poor Item |
| 3 | | 11 | 1.00 | | 11 | 1.00 | 0.00 | Poor Item |
| 4 | | 7 | 0.64 | | 8 | 0.73 | -0.09 | Poor Item |
| 5 | | 9 | 0.82 | | 7 | 0.64 | 0.18 | Poor Item |
| 6 | | 10 | 0.91 | | 8 | 0.73 | 0.18 | Poor Item |
| 7 | | 9 | 0.82 | | 6 | 0.55 | 0.27 | Marginal Item |
| 8 | | 8 | 0.73 | | 2 | 0.18 | 0.55 | Very Good Item |
| 9 | | 10 | 0.91 | | 8 | 0.73 | 0.18 | Poor Item |
| 10 | | 9 | 0.82 | | 9 | 0.82 | 0.00 | Poor Item |
| 11 | | 7 | 0.64 | | 4 | 0.36 | 0.27 | Marginal Item |
| 12 | | 10 | 0.91 | | 9 | 0.82 | 0.09 | Poor Item |
| 13 | | 7 | 0.64 | | 5 | 0.45 | 0.18 | Poor Item |
| 14 | | 7 | 0.64 | | 3 | 0.27 | 0.36 | Reasonably Good |
| 15 | | 10 | 0.91 | | 10 | 0.91 | 0.00 | Poor Item |
| 16 | | 10 | 0.91 | | 5 | 0.45 | 0.45 | Very Good Item |
| 17 | | 9 | 0.82 | | 2 | 0.18 | 0.64 | Very Good Item |
| 18 | | 11 | 1.00 | | 4 | 0.36 | 0.64 | Very Good Item |
| 19 | | 11 | 1.00 | | 7 | 0.64 | 0.36 | Reasonably Good |
| 20 | | 8 | 0.73 | | 7 | 0.64 | 0.09 | Poor Item |
| 21 | | 9 | 0.82 | | 5 | 0.45 | 0.36 | Reasonably Good |
| 22 | | 11 | 1.00 | | 5 | 0.45 | 0.55 | Very Good Item |
| 23 | | 8 | 0.73 | | 9 | 0.82 | -0.09 | Poor Item |
| 24 | | 5 | 0.45 | | 7 | 0.64 | -0.18 | Poor Item |
| 25 | | 8 | 0.73 | | 7 | 0.64 | 0.09 | Poor Item |
| 26 | | 10 | 0.91 | | 8 | 0.73 | 0.18 | Poor Item |
| 27 | | 10 | 0.91 | | 5 | 0.45 | 0.45 | Very Good Item |
| 28 | | 8 | 0.73 | | 8 | 0.73 | 0.00 | Poor Item |
| 29 | | 7 | 0.64 | | 4 | 0.36 | 0.27 | Marginal Item |
| 30 | | 10 | 0.91 | | 3 | 0.27 | 0.64 | Very Good Item |
| 31 | | 10 | 0.91 | | 4 | 0.36 | 0.55 | Very Good Item |
| 32 | | 9 | 0.82 | | 7 | 0.64 | 0.18 | Poor Item |
| 33 | | 5 | 0.45 | | 3 | 0.27 | 0.18 | Poor Item |
| 34 | | 7 | 0.64 | | 5 | 0.45 | 0.18 | Poor Item |
| 35 | | 8 | 0.73 | | 1 | 0.09 | 0.64 | Very Good Item |
| 36 | | 10 | 0.91 | | 8 | 0.73 | 0.18 | Poor Item |
| 37 | | 9 | 0.82 | | 4 | 0.36 | 0.45 | Very Good Item |
| 38 | | 6 | 0.55 | | 6 | 0.55 | 0.00 | Poor Item |
| 39 | | 9 | 0.82 | | 6 | 0.55 | 0.27 | Marginal Item |
| 40 | | 4 | 0.36 | | 4 | 0.36 | 0.00 | Poor Item |

Equivalent for Dx

0.40 & Above – Very Good Item;

0.30 – 0.39 – Reasonably Good, Usually Needs Improvement;

0.20 – 0. 29 – Marginal Item – Subject for Improvement;

0.19 & Below – Poor Item, To be Improved, To be Rejected

Ang index ng pagtanggi (DD−PA) ay isang mahalagang sukatan na sumusukat sa kakayahan ng isang aytem na epektibong makilala ang mga mag-aaral na may mataas na kakayahan mula sa mga may mababang kakayahan; ang isang perpektong aytem ay dapat na mas maraming magaling na mag-aaral ang sumasagot nang tama kaysa sa mga mahina, na may katumbas na mula -1.00 hanggang +1.00.

Sa pangkalahatang obserbasyon, ang index ng pagtanggi sa mga aytem ng Lagumang Pagsusulit ay nagpakita ng malaking pagkakaiba-iba, mula sa mga aytem na may mahusay na diskriminasyon hanggang sa mga may negatibong diskriminasyon. Sa distribusyon ng diskriminasyon, mayroong ilang

aytem na nagpakita ng "Mahusay na Diskriminasyon" (0.40 at pataas), tulad ng (Aytem 8,16,17,18,22,27,30,31,35,37), na nagpapakita ng napakahusay na kakayahan sa pagkilala ng kakayahan ng mag-aaral. Kasama rin dito ang mga aytem na itinuturing na "Reasonably Good Item" (0.20 - 0.29), na kinabibilangan ng (Aytem 1 (0.35) 14 (0.36) 19 (0.36) 21 (0.36)., na epektibo sa pagsukat ng pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, kapansin-pansin ang dami ng mga aytem na nagpakita ng "Mahinang Diskriminasyon" (0.00 hanggang 0.19), gaya ng Aytem 2,4,5,6,9,12,13,20, 23, 24, 25, 26,32, 33, 34 at 36 na nangangailangan ng pagpapabuti dahil hindi sila gaanong epektibo. Mas kritikal pa ang pagkakaroon ng malaking bilang ng mga aytem na may zero (0.00) o "Negatibong Diskriminasyon" (mas mababa sa 0.00), kabilang ang Aytem 3 (0.00), Aytem 4 (-0.09),Aytem 10 (0.00), Ayttem 15 (0.00), Aytem 28 (0.00), Aytem 38 (0.00), at Aytem 40 (0.00); ang mga aytem na may negatibong diskriminasyon ay partikular na problema dahil mas maraming mag-aaral na may mababang kakayahan ang nakakuha ng tamang sagot kaysa sa mga may mataas na kakayahan, na nagpapahiwatig ng kagyat na pangangailangan para sa masusing pagsusuri at rebisyon, o tuluyan nang pag-alis sa pagsusulit.

**SANGGUNIAN**

Airasian, P. W., & Russell, M. K. (2008). Classroom assessment: Concepts and applications (6th ed.). McGraw-Hill.

Anastasi, A., & Urbina, S. (1997). Psychological testing (7th ed.). Prentice Hall.

Bloom, B. S. (Ed.). (1956). Taxonomy of educational objectives: Handbook I: The cognitive domain. David McKay.

Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2011). Designing and conducting mixed methods research (2nd ed.). SAGE Publications.

Department of Education. (2015). Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 basic education program (DepEd Order No. 8, s. 2015).

Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2012). How to design and evaluate research in education (8th ed.). McGraw-Hill.

Garcia, M. L. (2014). Pagsusulit sa Filipino: Disenyo at balidasyon.

Gronlund, N. E., & Linn, R. L. (1990). Measurement and evaluation in teaching (6th ed.). Macmillan.

Johnson, R. B., Onwuegbuzie, A. J., & Turner, L. A. (2007). Toward a definition of mixed methods research. Journal of Mixed Methods Research, 1(2), 112–133.

Nitko, A. J., & Brookhart, S. M. (2011). Educational assessment of students (6th ed.). Pearson.

Oosterhof, A. C. (2001). Developing and using classroom assessments (2nd ed.). Prentice Hall.

Popham, W. J. (2011). Classroom assessment: What teachers need to know (6th ed.). Pearson.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

Ravitch, D. (2010). The death and life of the great American school system: How testing and choice are undermining education. Basic Books.

Salvia, J., & Ysseldyke, J. E. (2007). Assessment in special and inclusive education (10th ed.). Houghton Mifflin.

Santos, L. (2016). Paggawa ng pagsusulit na tugma sa kasalukuyang kurikulum.

Thorndike, R. L., & Hagen, E. P. (1977). Measurement and evaluation in psychology and education (4th ed.). Wiley.

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.